

Mensahe ng Superintendente sa mga Pamilya
Ika-4 ng Enero, 2022

Minamahal na mga Pamilya ng ASD,

Manigong Bagong Taon!

Sana'y naging maganda ang inyong mga bakasyon.

Kahapon, bumalik kami sa silid-aralan pagkatapos ng aming taunang pahinga sa taglamig. Ikinagagalak kong sabihin sa inyo na maraming dumalo sa amin. Sa kabila ng kasalukuyang sitwasyon ng COVID-19, ang mga pagkagambala sa paglalakbay sa himpapawid sa buong bansa, ang pagkasira sa Mat-Su Valley na nauugnay sa panahon, at nakaplanong bakasyon, bumabala lang ng 5 porsiyento ang attendance mula sa halos parehong oras noong nakaraang taon, at 8 lang na porsiyento bago magka-COVID-19. Ito ay nagpapakita ng matatag na pangako ng ating komunidad sa in-person na pag-aaral.

Ang pinakabagong data ng COVID-19 mula sa State of Alaska (SOA) ay nagpapakita ng pagtaas para sa ASD at SOA. Sa ngayon, walang mga pagbabago sa aming plano sa pagpapagaan. Higit na partikular, ang kinakailangan na pagsuot ng mask ay mananatili, kasama ang testing at iba pang mga pamamaraan ng pagpapagaan na inilagay bago ang bakasyon sa taglamig. Ang desisyon tungkol sa pagpapalawak sa kinakailangang pagsuot ng mask pagkalipas ng ^{ika-}15 ng Enero ay gagawin sa ika-14 ng Enero. Patuloy naming sinusubaybayan nang mabuti ang mga umuusbong na pag-unlad tungkol sa COVID-19. Patuloy kaming nakikipag-ugnayan sa aming lokal, estado, at pederal na mga kasosyo. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa epekto ng COVID-19 sa ASD, i-click [dito](#).

Ang priyoridad ay panatilihin bukas at ligtas ang ating mga paaralan sa in-person na pag-aaral. Ang aming mga mag-aaral ay kabilang sa silid-aralan. Gayunpaman, maaaring magbago ang mga bagay depende sa kung paano magpapatuloy ang kamakailang variant na ito, at gusto kong makapagbigay ng ilang kabatiran sa kung ano ang maaaring mangyari kung bumaba ang aming mga antas ng staffing.

Katulad ng isang linggong pagsasara kasunod ng lindol noong 2018, maaaring kailanganin nating maglaan ng ilang oras sa labas ng paaralan upang mabuo ang ating mga tauhan kung ang pagliban ng mga empleyado ay napakalaki upang maisagawa ang ating misyon. Gusto naming panatilihin malusog ang aming mga kawani. Ang oras ng pag-aaral na ito ay bubuuin ng mga de-kalidad na araw ng pagtuturo sa buong semestre ng tagsibol, bilang resulta ng pagsasaayos ng kalendaryo ng paaralan para sa kasalukuyang naka-iskedyul na mga araw na walang pagtuturo. Ang virtual na pag-aaral ay mangyayari lamang bilang isang huling paraan dahil ang pag-aaral at kalusugan ng isip ng ating mga mag-aaral ay nakita na negatibong naapektuhan noong nakaraang taon sa panahong ito.

Tulad ng sinabi ko sa aking Disyembre 21st na sulat, nagpapasalamat ako para sa inyong patuloy na feedback. Pinapanatili nito ang aking batayan at pinalalakas ang aking mga iniisip tungkol sa

Mensahe ng Superintendente sa mga Pamilya
Ika-4 ng Enero, 2022

epekto ng COVID-19 sa ating komunidad. Mas malakas tayong magkakasama at isang araw lalabas mula sa pandemyang ito na mas matatag kaysa dati. Muli akong nagpapasalamat.

Bilang pangwakas, kasama namin sa isip at panalangin ang aming mga kaibigan, pamilya, kawani, at mga kasosyo sa Mat-Su Valley na kinakaharap ngayon ang matinding kondisyon ng panahon at pagkasira.

Lubos na Gumagalang,

Deena Bishop, Ed.D.
Superintendente